American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-165-171
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Teknolohiya: Tradisyunal at Makabagong anyo ng Panitikang Filipino sa mga mag-aaral ng Kolehiyo ng Subic

[1]Sheila Mae M. Cobacha; [2]Helen Cabatit; [3]Edlen Dizon; [4]Baby S. Abagon, Ed.D
*[1]Kolehiyo ng Subic, WFI Compound Wawandue Subic Zambales*
*[2]President Ramon Magsaysay State University, Iba Zambales*

**ABSTRACT :** This study investigates how technology influences the different forms of traditional and modern Filipino literature among college students enrolled in Kolehiyo ng Subic during AY 2025–2026. It acknowledges that Filipino literature plays a very crucial role in maintaining the country's history, culture, and experiences shared by the people. The research study shall delve into how technological tools influence students' interest, comprehension, and appreciation of the literary works. The study applied a descriptive quantitative approach in nature, where the self-designed questionnaire was preferred with statements that use a 4-point Likert scale. Thirty students from different programs and yearly levels, all active users of technology in academic and literary activities, participated in this study. Data was based on how technology affects students' perceptions of traditional literary forms – epics, folk tales, and proverbs and the modern form: digital poetry, blogs, and multimedia adaptations. The results showed that traditional teaching methods, personal discussions led by the teacher and the direct reading or recitation of texts, had the most powerful effect on students' comprehension and emotional contact with the material. This proves that the core of literature learning is still human contact, which animates the texts in ways that technology alone could not. Meanwhile, modern digital tools like multimedia and online adaptations proved efficient for provoking students' interest and motivation, particularly when combined with guided instruction and structured activities. What this means is that the integration of traditional and technological methods yields the most significant learning experience. While technology makes literature more accessible, interactive, and engaging, traditional approaches are still fundamental for deep understanding and a real appreciation of Filipino literary heritage. The research insists on thoughtful integration that will allow educators to assist students in emotionally and intellectually appreciating the richness of Filipino literature.

***KEYWORDS :*** *Panitikang Filipino, Tradisyunal na Panitikan, Makabagong Panitikan*

## I. INTRODUCTION

Sa patuloy na pag-usad ng panahon, hindi kumukupas ang kahalagahan ng Panitikang Filipino bilang tagapag-ingat ng ating kasaysayan, kultura, at kolektibong karanasan. Tulad ng sinabi ni Santos (2021), ang mga tradisyunal na anyo ng panitikan gaya ng epiko, alamat, bugtong, at salawikain ay nagsisilbing matibay na ugat ng literasiyang Filipino dahil nagtataglay ang mga ito ng mga pagpapahalaga at identidad na minana pa mula sa ating mga ninuno. Samantala, ayon naman kina Rivera at Cruz (2022), umusbong ang makabagong anyo ng panitikan, tulad ng digital poetry, blog literature, spoken word performances, at social media narratives, bilang tugon sa lumalawak na mundo ng digital platforms at pagbabago sa paraan ng pakikipagkomunikasyon ng kabataan ngayon.

Sa pagyakap ng lipunan sa teknolohiya, binigyang-diin ni Villanueva (2023) na nagiging pangunahing daluyan ang internet at digital media sa paglikha at pagkalat ng panitikan, dahilan upang mas maging madali at mabilis para sa mga mag-aaral ang pag-access sa iba't ibang uri ng akdang pampanitikan. Gayunpaman, ipinakita sa pag-aaral ni Dela Peña (2020) na maaaring mabago ng teknolohiya ang interes at pag-unawa ng kabataan; mas nahuhumaling sila sa mabilis, visual, at grabeng accessible na digital literature kaysa sa mas mabusising pagbabasa ng tradisyunal na akda. Dagdag pa rito, iminungkahi ni Ramos (2024) na nagbabago ang literacy patterns ng kabataan dahil sa digital consumption, kaya nangangailangan ito ng masusing pagsusuri upang lubos na maunawaan.

Sa kabila ng lumalawak na pananaliksik tungkol sa digital literature, nananatiling malabo kung paano nito sabay na naaapektuhan ang pananaw ng mga kabataan sa parehong tradisyunal at makabagong anyo ng panitikan lalo na sa partikular na lokal na kontekstong gaya ng Subic. Dito malinaw na lumilitaw ang research gap.

Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin at unawain kung paano hinuhubog ng teknolohiya ang interes, pag-unawa, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Subic sa dalawang anyo ng Panitikang Filipino, at kung paano ito nakaaambag sa kanilang literasi at pagkilala sa kulturang Filipino.

## II. OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang layunin ng pag-aaral ay matukoy ang epekto ng teknolohiya sa tradisyonal at makabagong anyo ng panitikan. Ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang demograpikong impormasyon ng mga repondente sa pamamagitan ng
   - 1.1Kasarian,
   - 1.2 Edad
2. Ano ang epekto ng teknolohiya sa tradisyunal na anyo ng panitikan sa mga mag-aaral ayon sa:
   - 2.1 Interes; at
   - 2.2 Pag-unawa
3. Ano ang epekto ng teknolohiya sa makabagong anyo ng panitikan sa mga mag-aaral ayon sa:
   - 3.1 Interes; at
   - 3.2 Pag-unawa

## III. MATERIALS AND METHODS

Sa pagnanais na maunawaan kung paano binabago ng teknolohiya ang paraan ng pagtingin at pagpapahalaga ng kabataan sa Panitikang Filipino, gumamit ang pag-aaral na ito ng deskriptibong kwantitatibong disenyo. Pinili ang pamamaraang ito dahil nagbibigay ito ng malinaw na larawan ng mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral, batay sa kung ano mismo ang kanilang nararanasan at nararamdaman sa paggamit ng teknolohiya habang nag-aaral ng panitikan.

Isinagawa ang pag-aaral sa Kolehiyo ng Subic, WFI Compound, Wawandue, Subic, Zambales, para sa taong akademiko 2025–2026. Kalahok dito ang tatlumpung (30) mag-aaral na mula sa iba't ibang programa at antas sa kolehiyo. Ang mga mag-aaral na ito ay karaniwang gumagamit ng mga digital na plataporma tulad ng e-books, online articles, videos, at social media sa kanilang pag-aaral ng panitikan, dahilan upang sila ang pinakamainam na respondente para sa pananaliksik na ito. Sa kanilang aktibong paggamit ng teknolohiya, mas nagiging makabuluhan ang pag-unawa sa epekto nito sa kanilang pagkatuto.

Upang makalap ang mga datos, gumawa ang mananaliksik ng sariling gawang talatanungan na maingat na binuo batay sa layunin ng pag-aaral. Sinuri rin ito ng eksperto upang matiyak na malinaw, makabuluhan, at angkop sa karanasan ng mga mag-aaral ang mga tanong. Ginamit ang 4-point Likert scale 4 – Lubos na Sumasang-ayon, 3 – Sumasang-ayon, 2 – Hindi Sumasang-ayon, at 1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon upang masukat ang antas ng kanilang pagsang-ayon sa mga pahayag tungkol sa epekto ng teknolohiya sa kanilang pag-aaral at pagbabasa ng tradisyunal at makabagong panitikan.

Pagkatapos makalap ang mga tugon, maingat itong inayos at sinuri upang maipakita ang mga pattern at pangkalahatang pananaw ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, naging posible ang pagbibigay ng mas totoo at makataong pagtingin sa ugnayan ng teknolohiya at panitikan sa buhay akademiko ng kabataan.

## IV. RESULTS AND DISCUSSION

**1. Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian at Edad**

**Talahanayan 1 : Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral batay sa Kasarian at Edad**

| **Propayl** | | **Frequency** | **Porsyento** |
|---|---|---|---|
| **Kasarian** | Babae | 23 | 76.67% |
| | Lalake | 7 | 23.33% |
| | Kabuoan | 30 | 100% |
| **Edad** | 25 Pababa | 28 | 93.33% |
| | 26 Pataas | 2 | 6.67% |
| | Kabuuan | 30 | 100% |

Makikita sa Talahanayan 1 ang Demograpikong Propayl ng mga Mag-aaral na respondente.

Batay sa demograpikong propayl ng mga mag-aaral na respondente,

**Kasarian**. Sa kabuuang 30 respondente (100%), 23 o 76.67% ay babae at 7 o 23.33% ay lalaki, na nagpapakita ng mas mataas na representasyon ng kababaihan kumpara sa kalalakihan. Ibig sabihin mas nangingibabaw ang partisipasyon ng mga babaeng mag-aaral sa pananaliksik, na maaaring magpahiwatig na sila ay mas madalas tumugon sa mga survey at mas aktibong nakikilahok sa mga akademikong gawain. Natuklasan sa pag-aaral nina Wu et al. (2022) na mas mataas ang respondenteng kababaihan kumpara sa kalalakihan. Ipinakita nila na mas aktibo ang mga babaeng respondent sa pagbibigay ng feedback at paglahok sa self-report questionnaires. Ang ganitong pattern ay tumutugma sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan 76.67% ng tumugon ay kababaihan.

**Edad.** Sa kabuuang 30 respondente (100%), karamihan sa mga respondente ay 25 taong gulang pababa (28 o 93.33%), habang 2 o 6.67% lamang ang 26 taong gulang pataas, na nagpapahiwatig na ang grupo ng kalahok ay pangunahing binubuo ng mas kabataang mag-aaral. Ayon sa artikulong *Lived Experiences of Filipino Young Leaders on Participation in Community Development in a Municipality in Northern Negros Occidental (2023)*, aktibong nakikilahok ang mga kabataang lider sa pagpapaunlad ng kanilang komunidad. Ipinapakita nito na ang yugto ng early adulthood ay hindi lamang tungkol sa personal na paglago, kundi isa ring mahalagang panahon para tuklasin at pagtibayin ang kanilang tungkuling panlipunan at pagkakakilanlan sa lipunan.

**Talahanayan 2**
**Epekto ng Teknolohiya sa Tradisyunal na Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Interes**

| Blg | Pahayag | AWM | Descriptive Rating | Rank |
|---|---|---|---|---|
| **1** | Mas nagiging interesado ako sa pagbabasa ng Panitikang Filipino kapag tradisyunal na pamamaraan ang ginagamit. | 3.23 | Sumasang-ayon | 5 |
| **2** | Mas naaantig ang aking damdamin kung aktwal na binabasa o binibigkas ang panitikan sa klase. | 3.63 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| **3** | Mas gusto kong pag-aralan ang panitikan sa paraang tradisyunal kaysa sa paggamit ng teknolohiya. | 3.27 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| **4** | Pagbabasa ng mga akdang pampanitikan sa libro ay nakapagpapalalim ng aking pagpapahalaga sa kultura | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| **5** | Ang paggamit ng teknolohiya ay nakadaragdag sa interes ko sa mga tradisyunal na anyo ng panitikan | 3.30 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| | **Overall Weighted Mean** | 3.40 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 2 ang Epekto ng Teknolohiya sa Tradisyunal na Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Interes.

Mas naaantig ang aking damdamin kung aktwal na binabasa o binibigkas ang panitikan sa klase mula sa inidkeytor 1 na may average weighted mean na 3.63 na ang ibig sabihin ay lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1. Ipinapakita nito na mas nagiging buhay ang kwento, tula, o epiko kapag naririnig at nararanasan nila ito, at mas naiintindihan nila ang damdamin ng tauhan at ang mensahe ng panitikan. Ang obserbasyong ito ay sumusuporta sa natuklasan nina Rivera & Cruz (2022) na ang oral at performative approaches sa pagtuturo ng panitikan ay nakapagpapataas ng pakikipag-ugnayan at pagpapahalaga ng mga estudyante.

Mas nagiging interesado ako sa pagbabasa ng Panitikang Filipino kapag tradisyunal na pamamaraan ang ginagamit mula sa inidkeytor 1 na may average weighted mean na 3.23 na ang ibig sabihin ay sumasang-ayon na nasa ranggo 5. Ipinapakita nito na ang storytelling, pagbabasa ng epiko, at klasikal na akda ay epektibo sa pag-udyok ng interes sa Panitikang Filipino. Katulad ng napag-alaman nina Santos (2021) at Aguillon, Santos, & Lopez (2020), ang tradisyunal na pamamaraan ay nagbibigay ng natatanging karanasan na nakaka-engganyo sa mag-aaral at nakatutulong sa pagpapalalim ng appreciation sa kultura at panitikan. Sa kabuuan, malinaw na habang mahalaga ang tradisyunal na paraan, ang aktwal na pagbasa o pagbigkas ang mas nakaaapekto sa damdamin at engagement ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng overall weighted mean na 3.40 (Lubos na Sumasang-ayon) ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay positibo sa parehong tradisyunal at makabagong anyo ng Panitikang Filipino. Ngunit malinaw na mas malakas pa rin ang epekto ng tradisyunal na pamamaraan sa kanilang interes, damdamin, at pagpapahalaga, na isang mahalagang gabay sa pagtuturo at pagdidisenyo ng mga aktibidad sa klase.

**Talahanayan 3**
**Epekto ng Teknolohiya sa Tradisyunal na Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Pag-unawa**

| Blg | Pahayag | AWM | Descriptive Rating | Rank |
|---|---|---|---|---|
| **1** | Mas malinaw kong nauunawaan ang mga aralin ng Panitikang Filipino sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo. | 3.07 | Sumasang-ayon | 5 |
| **2** | Ang personal na pagtalakay ng guro tungkol sa panitikan ay mas nakakatulong sa aking pag-unawa. | 3.73 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| **3** | Mas nauunawaan ko ang kahulugan ng mga akdang pampanitikan kapag ito ay diretang binabasa sa aklat. | 3.37 | Lubos na Sumasang-ayon | 4 |
| **4** | Ang paggamit ng pisara at talakayan sa klase ay nakakatulong upang maipaliwanag nang mas mabuti ang nilalaman ng panitikan. | 3.60 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| **5** | Mas madali ang aking pag-unawa sa panitikan kapag puro teknolohiya lamang ang ginagamit sa pagtuturo | 3.50 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| | **Overall Weighted Mean** | 3.45 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 3 ang Epekto ng Teknolohiya sa Tradisyunal na Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Pag-unawa.

Ang personal na pagtalakay ng guro tungkol sa panitikan ay mas nakakatulong sa aking pag-unawa mula sa inidkeytor 2 na may average weighted mean na 3.73 na ang ibig sabihin ay lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1. Ang resulta ay nagpapakita na kung ang aralin ay personal na ipinaliwanag ng guro, mas malinaw at mas nauunawan ng mga mag-aaral ang panitikinang Filipino. Nakakakuha sila ng pagkakataong makipag- ugnayan, magtanong, at marinig ang mga konkretong halimbawa na nagbibigay-buhay sa aralin. Pinahihiwatigan lamang nito ang mahalagang presensya at gabay ng guro sa proseso ng pagkatuto, kahit noong panahon ng teknolohiya. Pinapatunayan ito ng pag-aaral ni (Flores, 2021) na mas epektibong nakakaunawa ang mga mag- aaral kapag may aktwal na interaksiyon at pagpapaliwanag mula sa guro.

Mas malinaw kong nauunawaan ang mga aralin ng Panitikang Filipino sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo mula sa inidkeytor 2 na may average weighted mean na 3.07 na ang ibig sabihin ay sumasang-ayon na nasa ranggo

5. Ang resulta ay nagpapakita na malinaw pa rin na nauunawaan ng mga mag-aaral ang panitikan gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Para sa kanila, nakatutulong ang mabagal, malinaw, at mas personal na estilo ng pagtuturo ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa kumpara sa minsang nakalilitong paggamit ng teknolohiya. Nagpapahiwatig ito na mahalaga pa ring manatili ang mga tradisyunal na pamamaraan bilang pundasyon sa pag-aaral ng panitikan. Ayon kay (Ramos, 2022) mas epektibo ang tradisyunal na pagtuturo pagdating sa pag-unawa at emosyonal na paglahok sa mga tekstong pampanitikan.

Ipinapakita ng overall weighted mean na 3.45 (Lubos na Sumasang-ayon) na bagama't malaking tulong ang teknolohiya sa pagkatuto, hindi pa rin nito nalalampasan ang halaga ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag- aaral. Lumalabas na ang tunay na pag-unawa sa Panitikang Filipino ay mas napauunlad kapag may personal na gabay, paliwanag, at ugnayang tao-sa-tao. Ibig sabihin, nagbibigay man ng suporta ang teknolohiya, ang human interaction pa rin ang nagsisilbing puso na nagbibigay-buhay, lalim, at koneksyon sa pag-aaral ng panitikan.

**Talahanayan 4**
**Epekto ng Teknolohiya sa Makabagong Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Interes**

| Blg | Pahayag | AWM | Descriptive Rating | Rank |
|---|---|---|---|---|
| **1** | Nagiging masigla ang aking pagbabasa ng Panitikang Filipino kapag nasa digital form ito (e-book, blog, o social media). | 3.00 | Sumasang-ayon | 5 |
| **2** | Ang paggamit ng multimedia (video, audio, at larawan) ay nakapagpapataas ng aking interes sa panitikan. | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **3** | Mas naaaliw ako kapag napapanood ko ang makabagong adaptasyon ng mga akdang panitikan. | 3.33 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| **4** | Mas naeengganyo akong magbasa ng panitikan kapag ito ay makikita sa mga online platforms. | 3.03 | Sumasang-ayon | 4 |
| **5** | Ang paggamit ng teknolohiya ay nakadaragdag sa aking pokus sa nilalaman ng panitikan. | 3.47 | Lubos na Sumasang-ayon | 2 |
| | **Overall Weighted Mean** | 3.28 | Lubos na Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 4 ang Epekto ng Teknolohiya sa Makabagong Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Interes.

Ang paggamit ng multimedia (video, audio, at larawan) ay nakapagpapataas ng aking interes sa panitikan mula sa inidkeytor 3 na may average weighted mean na 3.57 na ang ibig sabihin ay lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay mas naeengganyo at nagiging mas bukas sa pag-aaral ng makabagong anyo ng panitikan kapag may kasamang biswal at auditory na elemento. Ang multimedia ay nagbibigay ng mas malinaw, mas buhay, at mas madaling maunawaang representasyon ng mga akdang pampanitikan, kaya't tumataas ang kanilang kuryosidad at pagnanais na makibahagi. Ang resulta ay sumusuporta sa natuklasan nina (Dela Cruz at Reyes, 2020), na nagsasabing ang multimedia-enhanced materials ay nagpapataas ng motibasyon at partisipasyon dahil mas akma ito sa paraan ng pagkatuto ng mga kabataang mas sanay sa digital media.

Nagiging masigla ang aking pagbabasa ng Panitikang Filipino kapag nasa digital form ito (e-book, blog, o social media) mula sa inidkeytor 3 na may average weighted mean na 3.00 na ang ibig sabihin ay sumasang-ayon na nasa ranggo 5. Bagama't positibo pa rin ang tugon, ipinahihiwatig nito na hindi lahat ng mag-aaral ay lubos na nagiging masigla kapag ang panitikan ay nasa anyong digital lamang. Maaaring kailangan pa nila ng gabay, konteksto, at istrukturang ibinibigay ng guro o tradisyunal na materyales upang maging mas makabuluhan ang pagbabasa. Tulad ng natuklasan nina Lope at Santiago (2019), na mas nagiging epektibo ang digital na pagbabasa kapag sinasabayan ito ng interaktibong aktibidad, diskusyon, o suporta sa multimedia at hindi purong digital format lamang.

Ipinapakita ng overall weighted mean na 3.28 (Lubos na Sumasang-ayon) ay nagpapakitang mataas ang interes ng mga mag-aaral sa makabagong anyo ng panitikan lalo na kapag pinapagana ng multimedia. Ipinapahiwatig nito na ang teknolohiya ay may makabuluhang papel sa pag-engganyo ng kabataang mag-aaral subalit dapat itong gamitin nang may tamang gabay at integrasyon upang maging ganap na epektibo.

**Talahanayan 5**
**Epekto ng Teknolohiya sa Makabagong Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Pag-unawa**

| Blg | Pahayag | AWM | Descriptive Rating | Rank |
|---|---|---|---|---|
| **1** | Mas nauunawaan ko ang Panitikang Filipino sa tulong ng mga interaktibong materyales online. | 3.10 | Sumasang-ayon | 4 |
| **2** | Ang paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong upang mas mabilis kong maunawaan ang nilalaman ng akda. | 3.27 | Lubos na Sumasang-ayon | 3 |
| **3** | Ang panonood ng makabagong adaptasyon ng mga akda (halimbawa: isang pelikula, dula, o vlog) ay nakapagpapalalim ng aking pag-unawa. | 3.33 | Lubos na Sumasang-ayon | 1 |
| **4** | Nakikilala ko ang kahalagahan ng Panitikang Filipino sa pamamagitan ng mga digital na plataporma. | 3.10 | Sumasang-ayon | 5 |
| **5** | Mas maadali kong naiintindihan ang tunay na diwa ng panitikan kapag ito ay masyadong teknolohikal ang presentasyon. | 3.33 | Sumasang-ayon | 2 |
| | **Overall Weighted Mean** | 3.23 | Sumasang-ayon | |

Makikita sa Talahanayan 4 ang Epekto ng Teknolohiya sa Makabagong Anyo ng Panitikang Filipino Ayon sa Pag-unawa

Ang panonood ng makabagong adaptasyon ng mga akda (halimawa: isang pelikula, dula, o vlog) ay nakapagpapalalim ng aking pag-unawa mula sa inidkeytor 4 na may average weighted mean na 3.33 na ang ibig sabihin ay lubos na sumasang-ayon na nasa ranggo 1. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay lubos na nauunawaan kapag ang mga akda ay muling inilalahad sa mas makabagong anyo ng panitikan sa pamamagitan ng pelikula, dula, o vlogs. Nagiging mas konkreto ang kaalaman para sa kanila kapag nakikita nila ang emosyon, tagpuan, kilos ng tauhan, at simbolismo na maaaring mahirap kung emahinasiyon lang ang gagamitin sa teksto. Ang resulta ay sumusuporta sa pag-aaral nina (Reyes at Villanueva, 2021), na nagpatunay na ang visual at dramatized adaptations ay nagpapataas ng pag-unawa dahil gumagana rito ang visual learning at emotional na partisipasyon ng mga mag-aaral.

Nakikilala ko ang kahalagahan ng Panitikang Filipino sa pamamagitan ng mga digital na plataporma mula sa inidkeytor 4 na may average weighted mean na 3.10 na ang ibig sabihin ay sumasang-ayon na nasa ranggo 5. Bagama't nakakatulong ang digital platforms tulad ng YouTube, vlogs, at online content sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa panitikan, maaaring hindi pa ito sapat upang lubos na maramdaman ng mga mag-aaral ang kahalagahan nito. Ipinapakita nito na kailangan pa rin ng mas estrukturadong gabay, tulong ng guro, o pag-uugnay sa personal na karanasan upang lubos na maunawaan ang halaga ng Panitikang Filipino. Ayon sa natuklasan ni Bautista (2020) na ang digital platforms ay nakakapagbigay ng access sa impormasyon ngunit hindi nito awtomatikong napapalalim ang pagpapahalaga kung hindi sinasamahan ng tamang estratehiyang pedagogical.

Ang overall weighted mean na 3.23 (Sumasang-ayon) ay nagpapakita na ang teknolohiya lalo na sa anyo ng adaptasyon at multimedia ay may positibong epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa makabagong anyo ng panitikan. Ipinapahiwatig nito na dapat pag-ibayuhin ang paggamit ng mga visual at dramatikong adaptasyon sa pagtuturo, ngunit dapat ding pagsamahin ang digital platforms sa mas makabuluhang gawain upang mas malinaw na maunawaan ng mga mag-aaral ang tunay na halaga ng Panitikang Filipino.

## V. CONCLUSION

Batay sa mga natuklasang datos, malinaw na ang teknolohiya at tradisyunal na pamamaraan ay kapwa may mahalagang papel sa paghubog ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Panitikang Filipino. Lumitaw sa resulta na ang tradisyunal na paraan, lalo na ang personal na pagtalakay ng guro at aktwal na pagbabasa o pagbigkas ng teksto, ay higit na nakapagpapalalim ng pag-unawa at nakaaantig ng damdamin ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na nananatiling makabuluhan ang human interaction sa pag-aaral ng panitikan, sapagkat nagbibigay ito ng emosyonal, malinaw, at konkretong pagpapaliwanag na hindi lubos na natutumbasan ng teknolohiya.

Ang pag-aaral ay nagpapahiwatig din na ang makabagong anyo ng panitikan ay may positibong epekto sa pag-engganyo at pagpapataas ng interes ng mga mag-aaral, lalo na sa pamamagitan ng multimedia at modernong adaptasyon tulad ng mga pelikula, dula, at vlogs. Mas malinaw at mas interaktibo ang mga ito at nakatutulong upang maging mas madali at mas masigla ang pagkatuto. Nakikita rin dito na hindi sapat ang digital platforms kung wala itong kasamang gabay o istrukturadong gawain na magpapalalim sa pagpapahalaga ng mag-aaral sa Panitikang Filipino.

Pinapatunayan ng pag-aaral na ang epektibong pagkatuto sa panitikan ay nakasalalay sa balanseng paggamit ng teknolohiya at tradisyunal na pamamaraan. Habang umaangat ang digital tools bilang makabagong paraan ng pag-engganyo, nananatiling pundasyon ang presensya, gabay, at personal na pagtuturo ng guro. Ipinahihiwatig nito na ang pinakamaunlad na pagkatuto sa panitikan ay yaong pinagsasama ang makabago at tradisyunal upang malinang ang interes, pag-unawa, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kulturang Filipino.

## VI. RECOMMENDATIONS

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na panatilihin at pagyamanin ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo sa Panitikang Filipino. Mahalaga ang personal na pagtalakay ng guro, aktwal na pagbabasa, at pagbigkas ng mga akda dahil ito ang tumutulong sa mga mag-aaral na mas malalim nilang maunawaan at maramdaman ang mensahe at kahalagahan ng panitikan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon sila ng koneksyon hindi lamang sa teksto kundi pati sa kultura at damdamin na ipinapahayag nito.

Kasabay nito, mahalaga rin ang maayos na integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang paggamit ng multimedia, digital platforms, at makabagong adaptasyon ng mga akda tulad ng pelikula, dula, vlog, at e-books ay mas magiging epektibo kung may kasamang gabay at istrukturadong aktibidad mula sa guro. Sa ganitong paraan, ang interes ng mga mag-aaral ay hindi lamang pansamantala, kundi nauuwi rin sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga. Dapat ding hikayatin ang mga mag-aaral na balansehin ang pagbabasa ng tradisyunal at digital na materyales, upang magkaroon sila ng mas holistikong karanasan sa panitikan.

Higit pa rito, makabubuti rin ang regular na pagsasanay at workshop para sa mga guro. Sa ganitong paraan, mas mapapalakas ang kanilang kakayahan sa paggamit ng teknolohiya at sa pagsasama nito sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Ang ganitong pagsasanay ay hindi lamang nagpapahusay sa pagtuturo kundi tumutulong din sa pagpapalakas ng literasi at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Panitikang Filipino, kaya mas nagiging makabuluhan at masaya ang kanilang pag-aaral.

## REFERENCES


[1] **Santos, J. P. (2021).** Preserving Filipino identity through traditional literature: A study on epics and f olk narratives. Philippine Journal of Cultural Studies, 8(2), 45–60.

[2] **Rivera, L. M., & Cruz, A. R. (2022).** Modern forms of Filipino literature in the digital age: Blogs, social media, and spoken word. Asian Journal of Literary Studies, 14(1), 22–38. https://doi.org/10.1234/ajls.2022.141

[3] **Villanueva, R. T. (2023).** The impact of technology on accessing and sharing Philippine literary works. Philippine Educational Technology Journal, 10(3), 101–115.

[4] **Dela Peña, M. A. (2020).** Digital media and youth reading behavior: Understanding engagement with traditional and modern literature. Journal of Philippine Literacy Research, 5(1), 33–49.

[5] **Ramos, C. F. (2024).** Shifting literacy patterns in college students: The influence of digital literature consumption. Philippine Journal of Language and Culture, 12(2), 55–72.

[6] **Wu, M. J., Zhao, K., & Fils-Aime, F. (2022).** Response rates of online surveys in published research: A meta-analysis.Online Journal of Communication and Media Technologies, 12(3), 1–20.

[7] **Reguindin, J. C. (2023).** Lived experiences of Filipino young leaders on participation in community development in a municipality in Northern Negros Occidental. The QUEST: Journal of Multidisciplinary Research and Development, 2(1). https://doi.org/10.60008/thequest.v2i1.77

[8] **Aguillon, R., Santos, M., & Lopez, J. (2020).** Student engagement in traditional learning activities: Hands-on and content-focused approaches. Philippine Journal of Education Research, 15(3), 45–60. https://doi.org/10.1234/pjer.2020.15345

[9] **Rivera, L., & Cruz, A. (2022).** Modern forms of Filipino literature in the digital age: Blogs, social media, and spoken word. Asian Journal of Literary Studies, 14(1), 22–38. https://doi.org/10.1234/ajls.2022.141

[10] **Santos, J. (2021).** Preserving Filipino identity through traditional literature: A study on epics and folk narratives. Philippine Journal of Cultural Studies, 8(2), 45–60. https://doi.org/10.1234/pjcs.2021.82

[11] **Flores, J. M. (2021).** Interactive teaching and learner understanding in Filipino literature. Journal of Language and Literature Education, 9(2), 112–125.

[12] **Ramos, A. (2022).** Learner engagement in traditional literary instruction. International Journal of Filipino Studies, 7(1), 29–42.

[13] **Dela Cruz, M., & Reyes, P. (2020).** Digital multimedia as a tool for enhancing literary engagement among Filipino learners. Philippine Journal of Educational Technology, 5(2), 33–47.

[14] **Lope, R., & Santiago, A. (2019).** Students' reading engagement in digital and traditional texts: A comparative study. Journal of Literacy and Learning, 12(1), 18–29.

[15] **Bautista, R. (2020).** Digital platforms and students' literary appreciation in 21st-century classrooms. Journal of Educational Media Studies, 9(2), 41–55

[16] **Reyes, L., & Villanueva, M. (2021).** Impact of modern adaptations on students' comprehension of Filipino literature. Philippine Journal of Humanities and Education, 7(1), 12–28.